



Republic of the Philippines
City Government of Muntinlupa
CITY OF MUNTINLUPA
Office of the City Mayor



KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP BLG. 2
Serye 2018

**NAG-AATAS NG PAGBUO NG LUPON SA KORESPONDENSIYA OPISYAL SA
PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA,
ANG KOMPOSISYON AT MGA TUNGKULIN NITO**

SAPAGKAT, ang Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335, s. 1988, na nilagdaan ni Pangulong Corazon C. Aquino, ay nag-aatas sa lahat ng mga kagawaran/kawanihan/tanggapan/ahensiya/ at instrumentaliti ng pamahalaan na magsagawa ng mga hakbang na kailangan para sa layuning magamit ang Filipino sa opisyal na transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ng puspulang paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na mga transaksyon, komunikasyon, at korespondensiya sa mga opisina ng pamahalaan, lalong mauunawaan at mapahalagahan ng sambayanang Pilipino ang mga programa, proyekto at mga gawain ng pamahalaan, at sa gayon ay magsisilbi itong instrumento para sa kaunlaran;

SAPAGKAT, noong 24 Setyembre 2015 ay nagdaos ang Komisyon sa Wikang Filipino ng Seminar sa Ortograpiyang Pambansa at Paghahanda ng Korespondensiya Opisyal na may layong sanayin ang mga kawani na pahalagahan at gamitin ang wikang Filipino sa mga proseso at operasyon sa Pamahalaang Lungsod, alinsunod sa batas;

DAHIL DITO, AKO, SI JAIME R. FRESNEDI, Punong Lungsod ng Muntinlupa, at batay sa kapangyarihan na iginawad sa akin ng batas ay pinagtatibay ko ang mga sumusunod:

Seksyon 1: Pagbubuo at Mga Kasapi.

Ang Lupon ng Korespondensiya Opisyal ng Lungsod ng Muntinlupa ay binubuo at pinagtatibay ng kautusang ito, at ito ay kinabibilangan ng mga sumusunod:

- | | |
|---|--------------------------|
| (a) Jaime R. Fresnedi, Punong Lungsod | Tagapangulong Pandangal: |
| (b) Roger J. P. Smith,
Pangalawang Tagapangasiwang Panlungsod | Kasapi; |
| (c) Mttl. Roderick B. Tagnia,
Panlungsod na Tanggapang Pamamahalang Pantao | Kasapi; |



ISO 9001:2008 CERTIFIED
CERT. CODE : QMS0708041506KA-001

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!





Republic of the Philippines
City Government of Muntinlupa
CITY OF MUNTINLUPA
Office of the City Mayor



- (d) Teresita Valencia-Navarro,
Tanggapan ng Pamublikong Kaalaman Kasapi;
- (e) Noel A. Cadorna,
Tanggapan ng Panlungsod na Pagplano at Kaunlaran Kasapi.

Seksyon 2. Mga Tungkulin.

Ang mga tungkulin ng Lupon ay ang mga sumusunod:

- (a) Bumuo ng mga patakaran o proyekto hinggil sa pagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa mga transaksyon at korespondensiya;
- (b) Magsagawa ng mga proyekto o gawain na gumagamit ng wikang Filipino;
- (c) Makipag-ugnayan sa Komisyon sa Wikang Filipino;
- (d) Magmungkahi sa Punong Lungsod at iba pang otoridad ng mga gawain upang maisulong ang mga tungkuling nakasaad.


Seksyon 3. Mga Mungkahi.

Bagamat hindi pinag-aatas, ang Lupon ay maaari ring isagawa ang mga sumusunod:

- (a) Isalin sa Filipino ang ulong-sulat o *letterhead*;
- (b) Isalin sa Filipino ang misyon at bisyon ng lungsod at ng lahat ng mga tanggapan at departamento;
- (c) Isalin sa Filipino ang Gabay sa Mamamayan (*Citizen's Charter*);
- (d) Isalin sa Filipino ang ilang proseso at karatula na maggagabay sa mga kliyente;
- (e) Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kliyente na nakasulat sa Filipino;
- (f) Bumuo ng mga pormularyo para sa mga kawani na nakasulat sa Filipino;
- (g) Simulang ipagamit ang Filipino sa mga korespondensiya, katulad ng liham, memorandum, at iba pa;
- (h) Isalin sa Filipino ang mga pabatid, poster, brochure, at mga katulad na materyales;
- (i) Isalin sa Filipino ang mga pangalan ng mga tanggapan at mga sangay; at
- (j) Pagtibayin ang pakiki-isa sa pagdiriwang ng Buwan ng Wika.

Seksyon 4. Ang Kalihiman.

Ang Kalihiman ng Lupon ay binubuo ni G. Alvin Veron at G. Karl Casanova. Ang kanilang atas ay ang paghahanda ng pagpupulong, pagbibigay ng noticia ng pagpupulong, pagsusulat at pag-rekord ng katitikan, at pagsulat ng korespondensiya sa tuwing kakailanganin. Ang



YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!





Republic of the Philippines
City Government of Muntinlupa
CITY OF MUNTINLUPA
Office of the City Mayor



regular na pagpupulong ay isasagawa isang beses sa loob ng tatlong buwan, at ang espesyal na pagpupulong ay pagkakasunduan ng mga kasapi kung kinakailangan.

INIHANDA ngayong araw ng **21** ng Pebrero 2018 sa Lungsod ng Muntinlupa.


JAIME B. FRESNEDI
Punong Lungsod



ISO 9001:2008 CERTIFIED

CERT. CODE : QMS0708041506KA-001

YAN ANG TAMA YAN ANG MUNTINLUPA!

